IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

# Konotatibong Kahulugan Ng Ilang Mga Awitin Ni Regine Velasquez: Isang Pagsusuri

**MARILYN C. ARBES, PhD[1], RAYMUND M. PASION, PhD[2]**
University of Mindanao Tagum College
Arellano St. Tagum City, Davao del Norte, Philippines
mcdoarbes@gmail.com
Davao Oriental State College of Science and Technology
Mati City, Davao Oriental, Philippines
raypasion16@gmail.com

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa konotatibong kahulugan na makikita sa mga awit ni Regine Velasquez. Layunin ng papel na ipaliwanag ang mga konotatibong kahulugan at matukoy ang uri ng konotatibong kahulugan ng ilang mga salita at parirala sa mga awit ni Regine Velasquez. Nakabatay ang pananaliksik sa mga teorya nina Leech (1981), Kreidler (1998) at Parera (2004), na nakapokus sa konotatibong kahulugan ng mga salita. Kwalitatibo at palarawan na pamamaraan ang ginamit sa paglalahad ng pananaliksik. Nabigyan ng positibo, negatibo at neyutral na kahulugan ang mga salita at parirala batay sa inihahayag nitong damdamin. May mga salitang nagpapahayag ng kaaya-aya o magandang damdamin kaya ito nagkaroon ng positibong kahulugan. Ang mga salita at pariralang nagtataglay ng hindi kaaya-aya o nakakatakot na damdamin ay nabigyan ng negatibong kahulugan, habang ang mga salita o pariralang naghatid ng karaniwang damdamin ay nabigyan ng neyutral na kahulugan. Ang datos ay kinuha sa ilang mga piling awit sa pamamagitan ng pag-download nito mula sa websites. Ito ay sinuri at napag-alaman na ang ilang mga salita at parirala sa awit ay nagtataglay ng konotatibong kahulugan. Makikita sa resulta ng pag-aaral na hindi lahat ng mga salitang may konotatibong kahulugan ay nagtataglay ng mga positibo, negatibo at neyutral na konotasyon.

***Susing salita — Konotatibong kahulugan, positibo at negatibong konotasyon, awit, Pilipinas***

## I. Introduksyon

Ang wika ang isa sa mga napakahalagang bahagi ng buhay ng tao. Ito ang ginagamit sa pakikipagkomunikasyon. Iba-iba ang pamamaraan ng pakikipagtalastasan, may pasulat, pasalita, pag-awit at paggamit ng mga di- berbal. Isa sa popular na pakikipagkomunikasyon ay sa pamamagitan ng awit na inaawit at napapakinggan ng mga tao. Nagagawa ng mga tao na makipag-ugnayan sa isang mang-aawit kapag pinapakinggan nila ang mga awiting kinakanta.

Ang konotatibong kahulugan ay isang ekspresyon ng katangian ng mga pahayag na may komunikatibong kahalagahan na higit pa sa denotatibong kahulugan (Leech, 1981). Ang mga konotatibong kahulugan ay makikita sa mga akdang pampanitikan, at isa na rito ang awit.

Sa kasalukuyan, ang mga awit ay karaniwang bagay na naririnig sa mga tahanan at sa mga pampublikong lugar. Ang awit ay koleksyon ng mga liriko na mula sa mga salita at nilapatan ng himig. Ang mga liriko ng awit ay kalimitang hango sa mga inspirasyon at karanasan ng sumulat

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

nito. Ang mga manunulat ng awit ay gumagamit ng mga denotatibo at konotatibong kahulugan upang maging maganda ang isang awit. Iba-iba ang pananaw sa kahulugang hatid ng awit sa mga tagapakinig.

Mapapansin na ang mga liriko ng mga awit ay nakakaligtaang masuri sa konotatibong kahulugan nito. Basta sinasabi na lamang ng mga tagapakining ng mga awitin, na nagustuhan o hindi nila naibigan ang isang awit, mapa-Ingles, OPM, o mapabernakular. Batay rito, nahikayat ang mga mananaliksik na alamin ang umiiral na kalagayan sa pagpapahalaga ng mga liriko ng mga awit na may konotatibo kahulugan.

Naghanap at nagbasa ang mga mananaliksik ng tungkol sa ganitong pag-aaral at nalaman nila na wala pang pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri ng mga konotatibong kahulugan ng mga liriko ng awit ng isang kilala at sikat na mang-aawit. Mula rito nais masuri ng mga mananaliksik ang mga konotatibong kahulugan ng mga liriko sa ilang piling awit ni Regine Velasquez.

Ang ilang mga piling awit na bibigyan ng pagsusuri ay Tuwing Umuulan at Kapiling Ka; Araw, Gabi ni Ryan Cayabyab; Pangako; Babae Ako ni Ogie Alcasid; Dadalhin ni Tats Faustino at Narito Ako ni Nonong Pedero na pawang inawit ni Regine Velasquez.

Ang pag-aaral ay nakaangkla sa teorya ni Leech (1981), sa kanyang nabuong pitong uri ng kahulugan na konseptwal, konotatibo, sosyal, apektib, kolokatib at tematik na kahulugan. Ang konotatibong kahulugan ang ginamit na batayan ng pag-aaral na ito, na binigyan ni Leech ng pahayag na ang konotatibong kahulugan ay nakatuon sa mga tunay na karanasan ng mga tao na nakapagpahayag ng kanilang ekspresyon mula sa kanilang nagamit o narinig. Dagdag pa niya, na ito ay nagbabago-bago at nag-iiba-iba batay sa kultura, kasaysayan at karanasan ng bawat indibidwal.

Sa pagpapakahulugan naman ni Kreidler (1998), ang konotasyon ay tumutukoy sa personal na aspeto ng pagbibigay kahulugan ng mga salita. Ito rin ay isang emosyonal na pakikipag-ugnayan sa mga salitang nabubuo. Dagdag pa ni Parera (2004) na ang konotasyon ay nagpapagana at nakapagpapaantig sa mga pandama, tulad ng sa damdamin, asal, paghuhusga at mga paniniwala.

Dagdag sa mga nabanggit na teorya at konsepto, ang konotatibong kahulugan ay tumutukoy rin sa mga iminumungkahing kahulugan o mga nakatalaga na ibig ipahiwatig nito sa isang partikular na gamit ng salita na lagpas sa denotatibong kahulugan. Ang konotatibo ay may dating sa kung paano nabibigayan ng kahulugan ng mga mambabasa ang sinulat o sinabi ng tagapaghatid. Nakadepende rin ito sa kung paano ginamit ang salita sa loob ng isang panahon o konteksto kung saan ito ginamit, kaya ang salita ay maaaring magtaglay ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan. (https://examples.yourdictionary.com/examples-of-connotative-words.html).

Ang konotasyon ay isang idea o damdamin na inihayag ng salita. Masasabing ito ay may positibong kahulugan kung ito ay naghahatid ng maiinit at magagandang damdamin. Samantala, ito ay nagkakaroon ng negatibong kahulugan kapag nakadarama ang tagapakining ng mga di-

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

kaaya-ayang damdamin. https://examples.yourdictionary.com/positive-and-negative-connotations-example-sentences.html.

Buhat sa mga nagawang paggalugad sa mga ideya hinggil sa konotatibong kahulugan ay nilayon ng pag-aaral na ito na alamin ang mga konotatibong kahulugan ng mga awit ni Regine Velasquez na isinulat ng iba-ibang kompositor. Layunin ng pag-aaral na sagutin ang mga katanungan na: 1. Ano-ano ang mga salita o parirala na may konotatibong kahulugan sa mga awit ni Regine Velasquez? 2. Ano-ano ang mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita o parirala sa ilang mga piling awit ni Regine Velasquez?

Ang resulta ng pag-aaral ay makapagbibigay impormasyon sa mga tagapakinig ng mga awit upang mas lalo pa nilang maibigan at mapahalagahan ang mga napapakinggan nilang mga awitin. Makatutulong din ito sa mga guro sa kanilang pagtuturo gamit ang mga awit bilang lunsaran ng kanilang mga aralin sa wika at panitikan. Sa mga mag-aaral, ito ay makapagdudulot sa kanila ng kaalaman sa pagtukoy sa mga konotatibong kahulugan ng salita at magagamit din nila sa kanilang mga gawaing malikhaing pagsulat. Makapagbibigay tulong din ito sa mga mananaliksik na nais makagawa ng pag-aaral hinggil sa pagsusuri ng mga salita sa iba't ibang genre.

## II. Metodolohiya

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Sinabi ni Creswell (2013), na ang deskriptibo-kwalitatibong pag-aaral ay naglalayon na mag-imbistiga ng mga detalye hinggil sa mga tao, kalagayan, lugar o mga pangyayari. Nagreresulta ito sa mga paglalarawan ng datos pasulat man o pasalita mula sa naihandang layunin ng pag-aaral. Kaya, angkop ang nagamit na pamamaraan ng mga mananaliksik dahil ang pag-aaral na ito ay naglalarawan ng mga konotatibong kahulugan ng mga salita mula sa mga piling awitin ni Regine Velasquez. Ginamitan ng pagsusuri ang pag-aaral na ito, na ayon kay Abrams na binanggit ni Mukaroma (2018) sa kanyang pag-aaral ay may apat na dulog sa pag-analisa ng mga akdang pampanitikan, ito ay ang pragmatic approach, mimetic approach, expressive approach at objective approach. Sa pag-aaral, ang ginamit ng mga mananaliksik ay ang objective approach sa pag-analisa dahil ang dulog na ito ay nakapokus lamang sa pagsusuri ng mga konotatibong kahulugan ng mga salita at hindi na kailangan pang pag-aralan ang buhay ng mga manunulat ng awit at ng mang-aawit.

### Pamamaraan sa Paglikom ng Datos

Ang datos ay tumutukoy sa mga raw materials na nakolekta ng mga mananaliksik mula sa paligid na saklaw ng kanilang pag-aaral (Mukaroma, 2018; Bogdan and Biklen, 2007). Ang mga awit ang nagsilbing datos ng pag-aaral. May tatlong paraan sa pagkolekta ng datos, ito ay ang pakikipanayam, pagmamasid at pagdodokumento. May tatlong uri naman ang pagdodokumento, at ito ay ang personal, opisyal at kulturang popular.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Ang Dokumentong kulturang popular ay ang mga akda na pang komersyo at panlibangan, gaya ng programang pantelebisyon, mga balita, audio at visual recording at iba pang mga uri na pang-media (Mukaroma, 2018). Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kulturang popular na dokumento bilang instrumento ng pag-aaral. Ginamit sa pag-aaral ang mga awiting naisulat ng mga kompositor na inawit ni Regine Velasquez.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Anim na awitin ang kinuha ng mga mananaliksik upang mabigyan ng pagsusuri ang konotatibong kahulugan nito.

Ginamit ang mga sumusunod na hakbang upang mabigyan ng pagsusuri ang mga awit. Una, ang pagpili ng mga awit. Ang mga awiting napili ay ang mga sumusunod: *Tuwing Umuulan at Kapiling Ka*, *Araw-Gabi* ni Ryan Cayabyab; *Pangako, Babae Ako* ni Ogie Alcasid; *Dadalhin* ni Tats Faustino at *Narito Ako* ni Nonong Pedero. Pangalawa, hinanap ang liriko ng bawat awitin sa pamamagitan ng pag-download nito sa website sa internet. Matagumpay na nagkaroon ng kopya ang mga mananaliksik na siyang ginamit sa ginawang pagsusuri. Pangatlo, maiging pinakinggan ang mga awit habang tinitignan ang liriko ng mga ito. Sa bahaging ito rin ginawa ang pagsalunguhit ng ilang mga salita at pariralang mauuri na may konotatibong kahulugan. Pang-apat, isa-isang tinignan at pinag-aralan ang mga liriko na nakapaloob sa bawat awitin na nasalungguhitan. Panglima, matapos mapakinggan at mapag-aralan ang mga salita ay ginawan ito ng pagklasipika batay sa teorya/konsepto ng pagsusuri sa konotatibong kahulugan. Nagawa ang pag-analisa sa mga salita at parirala batay sa konotatibong kahulugan at inuri ang mga ito ayon sa positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan. Pang-anim, ay ang pagsangguni sa isang dalubhasa sa wika upang matiyak ang katumpakan ng ginawang pagsusuri sa mga konotatibong kahulugan ng mga awitin.

## III. Resulta at Diskusyon

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga kasagutan sa mga nailahad na katanungan na: 1. Ano-ano ang mga salitang may konotatibong kahulugan sa mga awitin? 2. Ano-ano ang mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita sa ilang mga piling awitin? Makikita sa tabular at tekstwal na paraan ang pagkakalahad ng mga resulta ng pananaliksik.

Sa **Talahanayan 1** ay mababasa ang mga salita sa awit na *Tuwing Umuulan at Kapiling Ka* ni Ryan Cayabyab. Makikita sa talahanayan ang mga salita at parirala na nabigyan ng konotatibong kahulugan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 1**

*Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Tuwing Umuulan at Kapiling Ka*

**Salita/Parirala**

- Ulan
- Dilim
- Bumubuhos ang iyong ganda
- Hanging kumakanta
- Hangi't ula'y tumila na
- Aking mundo'y lunuring tuluyan
- Pusong nagliliyab
- Pag-ibig ko'y umaapaw
- Damdamin ko'y humihiyaw sa tuwa
- Ikaw ri'y magpapaalam na
- Sakbibi ka't ulan lamang ang saksi
- Tuwing umuulan at kapiling ka

**Konotatibo**

- pumapawi ng init
- takot/pangamba
- mala-diyosang kagandahan
- masaya/saya
- kapayapaan
- punuin/lasingin
- matinding pagnanasa
- sobra-sobrang pagmamahal
- nagwawala/ naguguluhan
- paghihiwalay/paglisan
- palihim/patagong pag-iibigan
- pagtatagpo kahit mapanganib

Mula sa Talahanayan 1, nabigyan ng konotatibong kahulugan ang ilang mga salita/parirala sa awit na *Tuwing Umuulan at Kapiling Ka.* Ang mga salita/parirala na ito ay ang mga sumusunod: **Ulan** na nabigyan ng konotatibong kahulugan na **pumapawi ng init**; **dilim** na ang kahulugan ay **takot/pangamba**; **bumubuhos ang iyong ganda** ay may kahulugang **mala-diyosang kagandahan**; **hanging kumakanta** ay **masaya/saya**; **hangi't ula'y tumila** na ay nangangahulugang **kapayapaan**; **aking mundo'y lunuring tuluyan** ay may kahulugang **punuin/lasingin**; habang ang mga pariralang **pusong nagliliyab** ay nagpapahiwating ng **matinding pagnanasa**; ang pariralang **pag-ibig ko'y umaapaw** ay nabigyan ng kahulugan na **sobra-sobrang pagmamahal**; ang **damdamin ko'y humihiyaw sa tuwa** ay **nagwawala/ naguguluhan; ikaw ri'y magpapaalam na** ay may ibig sabihin na **paghihiwalay/paglisan**; ang katagang **sakbibi ka't ulan lamang ang saksi** ay tumutukoy sa **palihim/patagong pag-iibigan**; at ang pariralang **tuwing umuulan at kapiling ka** ay **pagtatagpo kahit mapanganib.**

Sa **Talahanayan 2** ay makikita ang mga salita at parirala sa awit na *Araw,Gabi* ni Ryan Cayabyab. Makikita sa talahanayan ang mga salita na nabigyan ng konotatibong kahulugan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 2**

*Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Araw Gabi*

| Salita/Parirala | Konotatibo |
|---|---|
| • Araw, gabi | • magkaibang kalagayan |
| • Nalalasing sa tuwa | • nasa ikapitong langit/hindi-mapakali |
| • Laman nitong dibdib | • itinatangi |
| • Tila sampung daang awitin | • pagtatagumpay |
| • Natapos kong likhain | • mahusay na makata |
| • Tanggapin at dinggin | • inaalay |

Ang mga salita at parirala sa awit na *Araw,Gabi* ay nabigyan ng konotatibong kahulugan ng mga mananaliksik. Ang **araw, gabi** ay nangangahulugang **magkaibang kalagayan**; ang **nalalasing sa tuwa** ay may kahulugang **nasa ikapitong langit** at maaari ring **hindi mapakali**; ang **laman nitong dibdib** ay **itinatangi**; **tila sampung daang awitin** ay nangangahulugang **pagtatagumpay;** habang ang **natapos kong likhain** ay nangangahulugang **mahusay na makata** at ang **tanggapin at dingin** ay may kahulugang **inaalay**.

Sa **Talahanayan 3** ay matutunghayan ang mga salita at parirala sa awit na *Pangako ni Ogie* Alcasid. Ito ang mga salita na nabigyan ng konotatibong kahulugan.

**Talahanayan 3**

*Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Pangako*

| Salita/Parirala | Konotatibo |
|---|---|
| • May lungkot sa 'yong mga mata | • pagkabigo |
| • May pagtingin | • nagmamahal |
| • Tinig ko'y iyong dinggin | • pagsusumamo |
| • Hindi mapalagay | • natataranta |
| • Puso ko'y nalulumbay | • naghihintay ng paglingap |
| • Pangako | • katapatan |
| • Hindi kita iiwan | • dadamayan hanggang kamatayan |
| • Tayong dal'wa ang magkasama | • magkarelasyon |
| • Ako kaya'y nahuhulog | • walang katiyakan sa nadarama/may pag-aalinlangan |

Naipakita sa **Talahanayan 3** ang mga konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Pangako.* Ang **may lungkot sa 'yong mga mata** ay may kahulugan na **pagkabigo;** ang **may pagtingin** ay **nagmamahal**; ang **tinig ko'y iyong dinggin** ay **pagsusumamo**; ang **hindi mapalagay** ay may kahulugang **natataranta**; ang **puso ko'y nalulumbay** ay may kahulugan na

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**naghihintay ng paglingap**; ang **pangako** ay nangangahulugan ng **katapatan**; **hindi kita iiwan** ay **dadamayan hanggang kamatayan**; ang **tayong dal'wa ang magkasama** ay **magkarelasyon** at ang **ako kaya'y nahuhulog** ay **walang katiyakan sa nadarama/may pag-aalinlangan**.

Sa **Talahanayan 4** ay mapapansin ang mga salita at parirala sa awit na *Babae Ako* ni Ogie Alcasid. Nasa talahanayan ang mga salita na nabigyan ng konotatibong kahulugan.

**Talahanayan 4**

*Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Babae Ako*

| Salita/Parirala | Konotatibo |
|---|---|
| Daigdig | malawak |
| Bukal | daloy/ pagmumulan |
| Pagkukunan ng pagmamahal | nagbibigay/hanguan/kuhanan |
| Sariling bagwis | kasangkapan sa paglaya |
| Nais kong manguna sa mga maya | maging pinuno ng maliliit at inaapi |
| Bagong umaga | bagong pag-asa |
| Hamog | pampawi ng init |
| Hihigupin niya ang paru-paro | mangunguna/aakitin ang mga lalaki |

Ang konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Babae Ako* ay naibigay ng mga mananaliksik. Sa **Talahanayan 4**, makikita ang mga ito. Ang **daigdig** ay may kahulugang **malawak**; **bukal** ay **daloy** at **pagmumulan**; **pagkukunan ng pagmamahal** ay may tatlong kahulugan na **nagbibigay**, **hanguan**, at **kuhanan**; **sariling bagwis** ay **kasangkapan sa paglaya**; ang **nais kong manguna sa mga maya** ay **maging pinuno ng maliliit at inaapi**; ang **bagong umaga** ay nangangahulugang **bagong pag-asa**; ang **hamog** ay **pampawi ng init** naman ang kahulugan at **hihigupin niya ang mga paru-paro** ay may kahulugan na **mangunguna** at **aakitin ang mga lalaki**.

Ipinapakita ng **Talahanayan 5** ang mga salita at parirala sa awit na *Dadalhin* ni Tats Faustino. Makikita sa talahanayan ang mga salita na nabigyan ng konotatibong kahulugan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 5**

*Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Dadalhin*

| **Salita/Parirala** | **Konotatibo** |
|---|---|
| Ang puso'y di makalimot | umaasa/naghihintay |
| Pagsilip ng mga bituin sa 'yong mga mata | konting pag-asa |
| Ang himig mo'y parang musika | nagpapaginhawa |
| Nagpapaligaya sa munting nagwawala | nagbibigay aliw sa paslit na nagtatampo |
| Palasyo | karangyaan/kaalwanan ng buhay |
| Dadalhin hanggang langit ay manibago | pagpapalit ng anyo ng kalagayan sa buhay |
| Hangin | gumugulo sa kalagayan |
| Gabing lamig ang himig ko | kawalan ng buhay/saysay |
| Haplos ng iyong puso | pampawi sa kalungkutan |
| Parang walang ligtas kundi ang lumuha | paglaya sa kalungutan |
| Umiiyak ang puso ko | naghihinagpis/nalulungkot |

Ang mga salita at parirala mula sa awit na *Dadalhin* na makikita sa **Talahanayan 5** na nabigyan ng kahulugang konotatibo ay ang mga sumusunod: **Ang puso'y di makalimot** na may kahulugang **umaasa at naghihintay**; **pagsilip ng mga bituin sa 'yong mga mata** na nabigyan ng kahulugan na **konting pag-asa**; ang **himig mo'y parang musika** ay nangangahulugang **nagpapaginhawa**; ang pariralang **nagpapaligaya sa munting nagwawala** ay may kahulugan na **nagbibigay aliw sa paslit na nagtatampo**; ang **palasyo** ay nagsasaad ng **karangyaan o kaalwanan sa buhay**; ang **dadalhin hanggang langit ay manibago** ay may ibig ipakahulugan na **pagpapalit ng anyo ng kalagayan sa buhay**; ang **hangin** ay tumutukoy sa **gumugulo sa kalagayan**; ang **gabing lamig ang himig ko** ay ang **kawalan ng buhay o saysay**; ang **haplos ng iyong puso** ay **pampawi sa kalungkutan**; ang **parang walang ligtas kundi ang lumuha** ay may ibig sabihin na **paglaya sa kalungkutan**, at ang **umiiyak ang puso ko** ay nangangahulugan na **naghihinagpis o nalulungkot**.

Ipinapakita ng **Talahanayan 6** ang mga salita o parirala sa awit na Narito Ako ni Nonong Pedero.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 6**

*Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Narito Ako*

| Salita/Parirala | Konotatibo |
|---|---|
| • Laging tulala at ligalig | • lutang |
| • Halos di- mapakali | • nagugulumihanan |
| • Sa damdamin na pinakamimithi | • pag-ibig na inaasam- asam |
| • Mga ulap | • mga suliranin/balakid |
| • Bituin | • munting liwanag/kumikinang |
| • Napakataas lumilipad itong isip | • hindi maabot na pagnanasa/pangarap |
| • Kalayaan ko aking inaawit | • hanggang panaghoy na lamang |
| • May kutob akong pumipintig | • patuloy sa pagnanasa/pagmamahal |

Mula sa talahanayan sa itaas, naipakita ang konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Narito Ako*. Ito ay ang mga sumusunod: **Laging tulala at ligaling** na nabigyan ng kahulugang **lutang**; **halos di mapakali** ay may ibig sabihin na **nagugulumihanan**; **sa damdamin na pinakamimithi** ay nagkaroon ng pagpapakahulugan na **pag-ibig na inaasam-asam**; **mga ulap** ay may kahulugang **mga suliranin o balakid**; **bituin** ay **munting liwanag o kumikinang**; **napakataas lumilipad itong isip** ay may isinasaad na **hindi maabot na pagnanasa o pangarap**. Samantala, ang mga pariralang **kalayaan ko aking inaawit** ay may kahulugan na **hanggang panaghoy na lamang**, at ang **may kutob akong pumipintig** ay nangngahulugang **patuloy sa pagnanasa o pagmamahal**.

Ang **Talahanayan 7** ay nagpapakita ng mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Tuwing Umuulan at Kapiling Ka*.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 7**

Positibo, Negatibo at Neyutral na Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Tuwing Umuulan at Kapiling Ka

| Salita/Parirala | Positibo | Negatibo | Neyutral |
|---|---|---|---|
| Ulan | nagbibigay ginhawa | Nakababagot | lamig |
| Dilim | ----- | kawalan/lungkot | ----- |
| Bumubuhos ang iyong ganda | nagbibigay saya | ----- | ----- |
| Hanging kumakanta | sigla sa buhay | ----- | ----- |
| Hangi't ula'y tumila na | kapanatagan | ----- | payapa |
| Aking mundo'y lunuring tuluyan | linisin/hugasan | matabunan/maglaho | ----- |
| Pusong nagliliyab | mainit na pagmamahal | kawalan ng kontrol | ----- |
| Pag-ibig ko'y umaapaw | walang limitasyon | mahirap kapag naubos | ----- |
| Damdamin ko'y humihiyaw sa tuwa | nagdiriwang | maingay | ----- |
| Ikaw ri'y magpapaalam na | ----- | kalungkutan | ----- |
| Sakbibi ka't ulan lamang ang sak | ----- | ---- | walang distorbo |
| Tuwing umuulan at kapiling ka | Magka-ulayaw | panganib ng pagtataksil | ----- |

Ang mga salita at parirala sa awit na Tuwing Umuulan at Kapiling Ka na nabigyan ng mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ay makikita sa **Talahanayan 7**. Ang mga salitang may positibong kahulugan ay ang mga sumusunod: **Ulan** (nagbibigay ginhawa), **bumubuhos ang iyong ganda** (nagbibigay saya), **hanging kumakanta** (sigla sa buhay), **hangi't ula'y tumila na** (kapanatagan), **aking mundo'y lunuring tuluyan** (linisin, hugasan), **pusong nagliliyab** (mainit na pagmamahal), **pag-ibig ko'y umaapaw** (walang limitasyon), **damdamin ko'y humihiyaw sa tuwa** (nagdiriwang), at **tuwing umuulan at kapiling ka** (magka-ulayaw). Ang mga salita at parirala naman na may negatibong kahulugan ay **ulan** (nakababagot), **dilim** (kawalan, lungkot**), aking mundo'y lunuring tuluyan** (matabunan, maglaho), **pusong nagliliyab** (mahirap kapag naubos), **damdamin ko'y humihiyaw sa tuwa** (maingay), **ikaw ri'y magpapaalam na** (kalungkutan) at **tuwing umuulan at kapiling ka** (panganib ng pagtataksil). Samantala, may tatlong mga salita at parirala na may neyutral na kahulugan. Ito ay ang **ulan** (lamig), **hangi't ula'y tumila na** (payapa) at **sakbibi ka't ulan lamang ang saksi** (walang distorbo).

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Sa**Talahanayan 8** ay matutunghayan ang mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Araw, Gabi*.

**Talahanayan 8**

*Positibo, Negatibo at Neyutral na Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Araw Gabi*

| Salita/Parirala | Positibo | Negatibo | Neyutral |
|---|---|---|---|
| • Araw gabi | • ----- | • ----- | • komplemento/ kabilaan |
| • Nalalasing sa tuwa | • nag-uumapaw na kaligayahan | • nagpapakawala | • ----- |
| • Laman nitong dibdib | • nakaukit sa puso | • ----- | • Itinatangi |
| • Tila sampung daang awit natapos kong likhain | • napakarami/natatanging kompositor | • ----- | • hindi pangkaraniwan |
| • Tanggapin at dinggin | • kahilingan | • pagmamakaawa | • ----- |

Sa **Talahanayan 8** ay nabigyan ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ang ilang mga salita at parirala sa awit na **Araw,Gabi.** Ang mga may positibong kahulugan ay ang mga pariralang **nalalasing sa tuwa** (nag-uumapaw na kaligayahan), **laman nitong dibdib** (nakaukit sa puso), **tila sampung daang awitin natapos kong likhain** (napakarami o natatanging kompositor), **tanggapin at dinggin** (pagsusumamo). Ang mga pariralang may negatibong kahulugan ay ang **nalalasing sa tuwa** (nagpapakawala), at **tanggapin at dinggin** (kahilingan). May mga parirala naman na nagkaroon ng neyutral na kahulugan at ito ay ang **araw, gabi** (komplemento at kabilaan), **laman nitong dibdib** (itinatangi), at **tila sampung daang awitin** (hindi pangkaraniwan).

Ang **Talahanayan 9** ay naglalahad ng mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Pangako.*

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 9**

*Positibo, Negatibo at Neyutral na konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Pangako*

| Salita/Parirala | Positibo | Negatibo | Neyutral |
|---|---|---|---|
| • May lungkot sa 'yong mga mata<br>• May pagtingin<br>• Tinig ko'y iyong dinggin<br>• Hindi mapalagay<br>• Puso ko'y nalulumbay<br>• Pangako<br>• Hindi kita iiwan<br>• Tayong dal'wa ang magkasama<br>• Ako kaya'y nahuhulog | •<br>• tinitibok ng puso<br>• -----<br>• -----<br>• -----<br>•<br>• may makakasama<br>• may pinagsamahan<br>• nagpakalula | • Kasawian<br>• Hindi maipahiwatig na damdamin<br>• pagmamakaawa<br>• nawawala sa katinuan<br>• nagudulot ng kalungkutan<br>• walang katiyakan<br>• -----<br>• -----<br>• nawalan ng kontrol | • nalulumbay<br>• paghanga<br>• pansinin<br>• -----<br>• -----<br>• malimit mapako<br>• may maaasahan<br>• hindi iiwan<br>• ----- |

Ang salita at mga parirala sa awit na Pangako ay nabigyan ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan na makikita sa **Talahanayan 9**. Ang may positibong kahulugan ay ang, **may pagtingin** (tinitibok ng puso), **hindi kita iiwan** (may makakasama), **tayong dal'wa ang magkasama** (may pinagsamahan), at **ako kaya'y nahuhulog** (nagpakalula). Para naman sa salita at mga parirala na nabigyan ng negatibong kahulugan, ito ay ang may **lungkot sa 'yong mga mata** (kasawian), **may pagtingin** (hindi maipahiwatig na damdamin), **tinig ko'y iyong dinggin** (pagmamakaawa), **hindi mapalagay** (nawala sa katinuan), **puso ko'y nalulumbay** (nagdulot ng sakit), **pangako** (walang katiyakan), at **ako kaya'y nahuhulog** (nawalan ng kontrol). Samantala, ang mga pariralang may neyutral na kahulugan ay ang **may lungkot sa 'yong mga mata**

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

(nalulumbay), **may pagtingin** (paghanga), **tinig ko'y iyong dinggin** (pansinin), **hindi kita iiwan** (may maaasahan), at **tayong dal'wa ang magkasama** (hindi iiwan).

Makikita sa **Talahanayan 10** ang mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita at parirala sa awit na *Babae Ako.*

**Talahanayan 10**

*Positibo, Negatibo at Neyutral na Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Babae Ako*

| Salita/Parirala | Positibo | Negatibo | Neyutral |
|---|---|---|---|
| • Daigdig | • ----- | • ----- | • dapat kalagyan |
| • Bukal | • ----- | • ----- | • daluyan |
| • Pagkukunan ng pagmamahal | • Nag-aalay ng walang kondisyon | • ----- | • ----- |
| • Sariling bagwis | • pagkakakilanlan | • ----- | • tatak |
| • Nais kong manguna sa mga maya | • maging lider | • ----- | • paninindigan |
| • Bagong umaga | • maliwanag na hinaharap | • ----- | • muling pagsilang |
| • Hamog | • lamig | • Hindi komportable | • ----- |
| • Hihigupin niya ang paru-paro | • palaban | • tatalunin ang mga lalaki | • ----- |

Sa awit na *Babae Ako*, ang salita at mga parirala na nabigyan ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ay matutunghayan sa **Talahanayan 10**. Ang salita at mga parirala na may positibong kahulugan ay ang **pagkukunan ng pagmamahal** (nag-aalay ng walang kondisyon), **sariling bagwis** (pagkakakilanlan**), nais kong manguna sa mga maya** (maging lider), **bagong umaga** (maliwanag na hinaharap), **hamog** (dulot ay ginhawa/lamig), at **hihigupin niya ang paru-paro** (palaban). Sa negatibong kahulugan naman ay ang **salitang hamog** (hindi komportable) at pariralang **hihigupin niya ang paru-paro** (tatalunin ang lalaki). Para naman sa neyutral na kahulugan ang mga salita at parirala ay ang **daigdig** (dapat kalagyan), **bukal** (daluyan), **sariling bagwis** (tatak), **nais kong manguna sa mga maya** (paninindigan), at **bagong umaga** (muling pagsilang).

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Sa**Talahanayan 11** ang mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita sa awit na *Dadalhin* ay makikita.

**Talahanayan 11**

*Positibo, Negatibo at Neyutral na Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Dadalhin*

| **Salita/Parirala** | **Positibo** | **Negatibo** | **Neyutral** |
|---|---|---|---|
| • Ang puso'y di makalimot<br>• Pagsilip ng mga bituin sa 'yong mga mata<br>• Ang himig mo'y parang musika<br>• Nagpapaligaya sa munting nagwawala<br>• Palasyo<br>• Dadalhin hanggang langit ay manibago<br>• Hangin<br>• Gabing lamig ang himig ko<br>• Haplos ng iyong puso<br>• Parang walang ligtas kundi ang lumuha<br>• Umiiyak ang puso ko | • laman ng puso<br>• naghudyat ng pagtingin<br>• masarap pakinggan<br>• nagpapakalma<br>• marangyang buhay<br>• nagbibigay kasiguruhan<br>• -----<br>• nalulumbay<br>• kaligayahan<br>• -----<br>• ----- | • -----<br>• ------<br>• -----<br>• -----<br>• -----<br>• walang tiyak na takdang panahon<br>• tatangay sa pangarap<br>• madilim at malamig<br>• -----<br>• Paghihinagpis<br>• labis na sakit | • memoryado<br>• may namuong damdamin<br>• -----<br>• -----<br>• -----<br>• -----<br>• -----<br>• Kawalan<br>• pumapayapa<br>• -----<br>• ----- |

Ang mga salita at parirala sa awit na *Dadalhin* na nabigyan ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan na makikita sa **Talahanayan 11** ay ang mga sumusunod: Para sa positibong kahulugan ang salita at mga parirala ay **ang puso'y di makalimot** (laman ng puso), **pagsilip ng mga bituin sa 'yong mga mata** (naghuhudyat ng pagtingin), **ang himig mo'y parang musika** (masarap pakinggan), **nagpapaligaya sa munting nagwawala** (nagpapakalma), **palasyo** (marangyang pamumuhay), **dadalhin hanggang langit ay manibago** (nag-aanyaya), **gabing lamig ang himig ko** (nalulumbay), at **haplos ng iyong puso** (kaliggayahan). Negatibong kahulugan naman ang naibigay sa pariralang **dadalhin hanggang langit ay manibago** (walang tiyak na takdang panahon), **hangin** (tatangay ng pangarap), **gabing lamig ang himig ko** (madilim at malamig), **parang walang ligtas kundi ang lumuha** (paghihinagpis) at **umiiyak ang puso ko**

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

(labis na sakit). Ang mga pariralang **ang puso'y di makalimot** (memoryado), **pagsilip ng mga bituin sa 'yong mga mata** (may namumuong damdamin), **gabing lamig ang himig ko** (kawalan), at **haplos ng iyong puso** (pumapayapa) ay nagkaroon ng neyutral na kahulugan.

Sa**Talahanayan 12** mababasa ang mga positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan ng mga salita sa awit na *Narito Ako*.

**Talahanayan 12**

*Positibo, Negatibo at Neyutral na Konotatibong Kahulugan ng mga Salita/Parirala ng awit na Narito Ako*

| Salita/Parirala | Positibo | Negatibo | Neyutral |
|---|---|---|---|
| • Laging tulala at ligalig | • ----- | • wala sa sarili | • nalilito |
| • Halos di mapakali | • nananabik | • may takot | • ----- |
| • Sa damdamin na pinakamimithi | • pinananabikan | • ----- | • ----- |
| • Mga ulap | • ----- | • humahadlang sa mga pangarap | • ----- |
| • Bituin | • ----- | • ----- | • kakarampot na pag- asa |
| • Napakataas lumilipad itong isip | • ----- | • isip lang ang malaya | • ----- |
| • Kalayaan ko aking inaawit | • ----- | • bilanggong pag-ibig | • hanggang sa pagsambit na lamang |
| • May kutob akong pumipintig | • normal na nilalang | • ----- | • ----- |

Ang mga parirala sa awit na *Narito Ako* sa **Talahanayan 12** na may positibong kahulugan ay **halos di mapakali** (nananabik), **sa damdamin na pinakamimithi** (pinananabikan), at **may kutob akong pumipintig** (normal na nilalang). Ang mga parirala na may negatibong kahulugan ay **laging tulala at ligalig** (wala sa sarili), **halos di mapakali** (may takot**), mga ulap** (humahadlang sa mga pangarap), **napakataas lumilipad itong isip** (isip lang ang malaya), at **kalayaan ko aking inaawit** (bilanggong pag-ibig). Neyutral naman ng kahulugan naibigay sa salitang **bituin** (kakarampot na pag-asa) sa mga pariralang **laging tulala at ligalig** (nalilito), at **kalayaan ko aking inaawit** (hanggang sa pagsambit na lamang).

Mula sa pag-aaral ng anim na awitin ni Regine Velasquez ay nasuri na ang ilang mga salita at parirala ay nagtataglay ng mga konotatibong kahulugan na nagpapahayag ng mga ideya at damdamin na lampas sa literal o denotatibo nitong kahulugan. Mapapansin na ang lahat ng mga salita at parirala ay nagkaroon ng konotatibong kahulugan. Subalit, hindi lahat ng mga salita at parirala ay nagkaroon ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

May mga salita o parirala na maaaring mabigyan ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan. Subalit, hindi ito nangyayari sa lahat ng pagkakataon, dahil may mga salita na hindi nahahanapan ng kahulugan sapagkat ang pagbibigay ng ganitong mga kahulugan ay nakabatay sa mga damdaming nangingibabaw sa salita ayon na rin sa pagkakagamit ng mga ito sa pahayag. Sumasang-ayon ang kinalabasan ng pag-aaral sa konsepto na ang positibong kahulugan ay nagpapakita o nagbabadya ng mga damdaming maiinit at magaganda, kalugud-lugod o kaaya-aya, habang ang negatibo ay nagpapahayag ng mga hindi kaaya-aya o mga nakaktakot na damdamin. https://examples.yourdictionary.com/positive-and-negative-connotations-example-sentences.html.

Buhat sa pag-aaral, napatunayan na lahat ang mga napiling salita at parirala sa ilang awitin ay nagtataglay ng konotatibong kahulugan ngunit hindi lahat ay may positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan. Mapapansin sa kinalabasan na hindi lahat ng mga napiling salita at parirala ay nagkaroon ng positibo, negatibo at neyutral na kahulugan. Napatunayan sa pag-aaral na hindi lahat ng mga salita at parirala ay nagpapahayag ng pare-parehong damdamin upang ang mga ito ay magtaglay lahat ng positibo, negatibo at neyutral na kahulugan.

## IV. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa ginawang pag-aaral may mga salita at parirala sa mga awitin ni Regine Velasquez na may konotatibong kahulugan. May mga salita at parirala na naglalahad ng positibo, negatibo at neyutral na konotatibong kahulugan.

Mula sa nabuong pananaliksik, iminumungkahi ng mga mananaliksik na alamin pa ang konotatibong kahulugan ng iba pang awiting Pilipino. Mainam na pag-aralan ang mga ito sa pamamagitan ng pananaliksik upang magamit sa pagtuturo ng panitikan at panunuring pampanitikan sa mataas na paaralan at sa kolehiyo.

Sa mga mananaliksik, gumawa ng katulad na pag-aaral gamit ang iba pang genre nang mas mapahalagahan pa ang pagtangkilik sa mga akdang pampanitikan natin sa ating bansa at mapayaman din ang ating wikang Filipino.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 3 March 2022, eISSN: 2799-0664

## MGA REPERENSYA

[17] Creswell, J. W. (2013). Research design. Qualitative, quantitative, and mixed methods of approaches. Thousand Oaks, CA: Sage Publications,Inc. American Journal of Education Research.
[18] Leech, Geoffrey. 1981. Semantic the study of meaning. New York: Penguin Book.
[19] Mukaroman. (2018). Methodology which are used to analyse the song http://eprints.umm.ac.id/43452/4/CHAPTER%20III.pdf
[20] https://examples.yourdictionary.com/positive-and-negative-connotations-example-sentences.html
[21] https://examples.yourdictionary.com/examples-of-connotative-words.html
[22] https://www.researchgate.net/publication/335272788_The_Meaning_of_Meaning_Leech's_Seven_Types_of_Meaning_in_Comparison_to_Palmer's_and_Lyons'_Approaches
[23] Parera, J.D. 2004. Teori Semantik Edisi Kedua. Jakarta: Erlangga.
[24] Kreidler,Charles W. (1998). Introducing English Semantic. New York, NY 40001: Library of Congress Cataloguing. Leech, G. (1981). Semantics: The Study of Meaning (Second Edition). London: Penguin Books.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved